KAMPEON
BAHAGI 1

1 PAG-IBIG -LABAN SA- PAGKASAKIM

MAGKAPARES NA KARD

2 PAG-IBIG -LABAN SA- MAPANGHUSGA

MAGKAPARES NA KARD

3 PAG-IBIG -LABAN SA- POOT

MAGKAPARES NA KARD

4 PAG-IBIG -LABAN SA- PAGBIBIGAY KATARUNGAN SA SARILI

MAGKAPARES NA KARD

5 PAG-IBIG -LABAN SA- ESPIRITUWAL NA KAPALALUAN

MAGKAPARES NA KARD

6 KAGALAKAN -LABAN SA- PANINIBUGHO

MAGKAPARES NA KARD

7 KAGALAKAN -LABAN SA- KASAKIMAN

MAGKAPARES NA KARD

8 KAGALAKAN -LABAN SA- PAGKAA*WA SA SARILI

MAGKAPARES NA KARD

9 KAGALAKAN -LABAN SA- KAWALAN NG UTANG NA LOOB

MAGKAPARES NA KARD

10 KAPAYAPAAN -LABAN SA- PAG-AALALA

MAGKAPARES NA KARD

11 KAPAYAPAAN -LABAN SA- TAKOT

MAGKAPARES NA KARD

12 KAPAYAPAAN -LABAN SA- ALITAN

MAGKAPARES NA KARD

13 KAPAYAPAAN -LABAN SA- TIWALA SA SARILI

MAGKAPARES NA KARD

KAMPEON
BAHAGI 1

SA RUWEDA

Maglaro ng laro na iminungkahi ng iyong mga kaibigan, laruin sa oras na gusto nila (kung mayroon kang pahintulot) at maglaro hangga't gusto nila. Huwag banggitin ang gusto mong laro sa kanila. Sa oras na ito, ang iyong kagustuhan ay hindi mahalaga, dahil ikaw ay nagpapakita ng tunay na PAG-IBIG ng hindi iniisip ang iyong sarili.

SA RUWEDA

Sabihin sa isang tao "Mahusay" at purihin sila sa mga mabuting bagay na nakikita mo. Magdala ng isang maliit na salamin sa bulsa buong araw. Kapag ikaw ay natutuksong husgahan ang isang tao, kuhain ang salamin sa bulsa at tumingin sa iyong sarili. Paalalahanan ang iyong sarili na hindi mo na kailangang tulungan ang iba na ayusin ang kanilang mga pagkakamali.

SA RUWEDA

Gumawa ng maganda para sa taong hindi mo gusto. Pigilan ang iyong dila kapag nakita mo ang isang tao na nandaraya o magkakamali. Huwag sabihin sa kanila o ilagay sila sa kapahamakan.

SA RUWEDA

Tumigil upang tumulong sa nangangailangan ngayong linggo, huwag pansinin ang lahat ng dahilan sa hindi paggawa nito. Gawin ang isang bagay na espesyal para sa isang tao na hindi mo kapantay sa lipunan.

SA RUWEDA

Magtanong sa Diyos kung mayroon kang espirituwal na pagsasanay na dapat ihinto, habang inililipat mo ang iyong pokus sa PAG-IBIG. Gumawa nang higit pang aksyon sa linggong ito upang ipakita ang pagmamahal: huwag magmayabang, gawin kung ano ang pinakamahusay sa iba at hindi sa iyong sarili, at huwag panagutin ang mga tao para sa mali nilang nagawa.

SA RUWEDA

Pasalamatan ang Diyos para sa mga kaloob na espirituwal, pisikal na anyo, pag-aari, at pamilya na mayroon ka. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng kagalakan at pagkakontento sa kung ano ang mayroon ka. Pumili ng isang tao na iyong kinainggitan sa nakaraan, at bigyan sila ng isang maliit na regalo. (Huwag sabihin sa kanila ang iyong nakaraang pagkainggit.)

SA RUWEDA

Magbigay ng ilang personal na pera sa Diyos sa plato ng paghahandog sa simbahan ng hindi inaalam kung kanino ito mapupunta. Gamitin ang ilan sa iyong pera upang maglingkod sa iba. Kung wala kang pera, kumuha ng iyong gamit at ipamigay ito.

SA RUWEDA

Tumulong sa isang bahay kanlungan o isang ministeryo na nagpapakain sa mahihirap. Bilang kahalili, bumisita sa maysakit sa isang ospital. Manalangin at hilingin sa Diyos na buksan ang iyong mga mata sa mas malaking larawan, at tulungan na tanggalin ang iyong sentro sa sarili.

SA RUWEDA

Pasalamatan ang iyong mga magulang (o ibang tao) para sa bagay na ibinibigay nila sa'yo araw-araw. Pumili ng isang bagay na hindi mo dadalhin pansamantala, bilang paalala na maaaring wala ka nito palagi.

SA RUWEDA

Ibahagi ang isang bagay na mayroon ka sa isang tao, kahit pa nangangahulugan na kailangan mong umalis ng wala ito. Pagkain man, damit, pamasahe, o iba pa na ginagastosan mo ng pera. Hilingin sa Diyos na matugunan ang iyong mga pangangailangan.

SA RUWEDA

Pumili ng isang bagay na pakiramdam mo ay imposibleng gawin at itabi ang iyong takot. Hilingin sa Panginoong Hesus na tulungan kang magawa ito. Pagkatapos ay magsimulang gumawa ng mga hakbang para dito. (Ito ay isang simula ng tagumpay para sa iyo kahit na lumubog ka kagaya ng ginawa ni Pedro. Ang gawain ay upang pumili ng isang bagay na pakiramdam mo ay imposible at subukan ito.)

SA RUWEDA

Hayaan ang iyong sarili na magkamali ng isang beses sa linggong ito. (Ito ay maaaring mangyari ng kusa.) Ang tungkulin mo ay walang gawin.

SA RUWEDA

Humingi sa Diyos ng pagkakataon upang maglingkod sa Kanya sa isang lugar na kung saan ikaw ay mahina. Sumali sa iyong simbahan upang maglingkod sa lugar na iyon. Kung ikaw ay tahimik, makipag-usap ng higit sa linggong ito. Kung ikaw ay malakas, maging tahimik sa linggong ito.